



Paano Papalitan ang Iyong Pangalan (para sa May Sapat na Gulang)

Sa California, maaaring palitan ng mga may sapat na gulang ang kanilang pangalan na *hindi* pupunta sa korte. Maaari mong basta umpisahang gamitin ang iyong bagong pangalan.

Ngunit, kung minsan mas mabuting mapalitan ang iyong pangalan ng korte. Ang mga Pederal na ahensiya at maraming mga ahensiya ng pamahalaan, katulad ng DMV, ay hindi tatanggapin ang iyong bagong pangalan na walang utos ng korte.

May **dalawang** pangunahing paraan upang makakuha ng utos ng korte para sa pagpapalit ng pangalan.

① Sagutin at iharap ang mga pormas na ito ng korte upang humingi sa korte ng pagpapalit ng pangalan:

- Pormas NC-100, *Petition for Change of Name*
- Pormas NC-110, *Attachment to Petition to Change Name*
- Pormas NC-120, *Order to Show Cause for Change of Name*
- Pormas NC-130, *Decree Changing Name*

Maaari mong sagutin ang mga pormas sa pamamagitan ng online sa:
www.courtinfo.ca.gov/selfhelp/other/namechange.htm

At, maglagay ng notisya sa peryodiko na nagsasaad na pinapalitan mo ang iyong pangalan. (Hindi mo kailangang sabihin kaninoman na ikaw ay humihingi ng pagpapalit ng pangalan.)

Pagkatapos pumunta sa pagdinig sa korte at humingi sa huwes ng utos ng korte na nagsasaad ng iyong bagong pangalan.

② Hingin ang iyong dating pangalan habang o pagkatapos ng iyong diborsiyo.

Kung ang iyong diborsiyo ay *hindi* pa natapos, hingin sa huwes na ibigay sa iyo ang dati mong pangalan bago ka ikinasal.

Kung ang iyong diborsiyo ay natapos na, maaari mong hingin sa korte na ibigay uli sa iyo ang iyong dating pangalan sa pamamagitan ng pagharap ng Pormas FL-395, *Request for Restoration of Former Name*.

Maaari kang tulungan ng Family Law Self-Help Center na sagutin ang iyong mga pormas.

Pumunta sa: **400 McAllister Street, Silid 009**

Maaari bang tanggihan ng Korte na papalitan ang aking pangalan?

Ang korte ay kadalasang pumapayag na papalitan ang pangalan, *maliban* kung:

- May isang taong tumutol at sumang-ayon ang huwes.
- Ang iyong bagong pangalan ay may kasamang nagbabanta o masasagwang salita, mga panunuya ng lahi o mga salitang makalilikha ng kaguluhan.
- Gusto mong gumawa ng isang hindi legal na bagay sa iyong bagong pangalan.
- Ang bagong pangalan ay nakakasagabal sa mga karapatan ng ibang tao. Bilang halimbawa, hindi mo maaaring palitan ang iyong pangalan sa pangalan ng isang sikat na artista ng sinehan upang gumawa ng pera na gamit ang pangalan na iyan.

Ano ang mangyayari pagkatapos mapalitan ang aking pangalan?

Magandang ideya ang kumuha ng pinatotohanang kopya ng utos ng korte mula sa klerk ng korte. (May mga ilang ahensiya o kompanya na maaaring manghingi nito sa iyo.)

Maaari mong gamitin ang pinatotohanang kopya upang humiling ng mga importanteng legal na dokumento na nagsasaad ng iyong bagong pangalan, kabilang ang:

- Sertipiko ng kapanganakan na nagsasaad ng iyong bagong pangalan
- Bagong kard sa social security
- Lisensiya sa pagmamaneho o ID kard na nagsasad ng iyong bagong pangalan.

Gagawin nitong mas madali ang magpapalit sa iyong mga ibang rekord.

Kailangan ng tulong?

Pumunta sa ACCESS Center para sa mga pormas at instruksiyon na iyong kailangan. Kami ay makatutulong din sa iyo sa pagsulat ng iyong notisya para maipalabas sa peryodiko. At, maaari kaming magbigay sa iyo ng listahan ng mga peryodiko na iyong kokontakin.

Ang aming iskedyul ay:

Lunes – Huwebes: 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali
1:30 ng hapon – 4:00 ng hapon
Biyernes: 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali



ACCESS

San Francisco Superior Court

575 Polk Street
Room 001
San Francisco, CA
94102-4514

415.551.5880
access@sftc.org